**Sa ilalim ng Republic Act 11203 o Rice Liberalization Law, ang pamimili ng palay para sa buffer stocking ang pangunahing mandato ng National Food Authority (NFA) upang matugunan ang panga-ngailangan ng bansa sa panahong may mga kalamidad at sakuna, at maglaan ng siguradong merkado para sa ani ng mga magsasakang Pilipino.**




**T : MAGKANO ANG BILI NG NFA SA PALAY?**

S : Ang presyo ng pagbili ng palay ay naaayon sa Price Range Scheme (PRICERS) sa bawat probinsya.

Ito nay nagbabago bawat linggo ayon sa prevailing average price sa nasabing lugar.

**T : BUMIBILI BA ANG NFA KAHIT HINDI TUYO ANG PALAY?**

S : OO, bumibili din ang NFA ng sariwang palay na may 22% hanggang 29.9% moisture content. Ang magiging presyo nito ay batay sa itinalagang lingguhang presyo sa bawat lokasyon.

Bagama't bumibili ang NFA ng palay na may mataas na MC, hinihikayat ang mga magsasaka na magbenta ng tuyo at malinis (14%MC) upang higit silang makinabang sa mas mataas na insentibo na ibinibigay ng ahensiya.



*Ang mga classifiers ng NFA ay gumagamit ng mga calibrated na mga kagamitan gaya ng moisture meter at timbangan upang masigurado na tama ang timbang at klasipikasyon ng palay na ibinebenta ng magsasaka, at tama ang presyo na katumbas nito.*

**T : SA MGA MAGSASAKA LAMANG BA BUMIBILI NG PALAY ANG NFA?**

S : OO, ang mga mga indibidwal na magsasaka, may-ari ng sakahan, nakikisaka, o manggagawang bukid, ay maaring magbenta ng kanilang ani o palay sa NFA. Ang mga cooperatiba o asosasyon ng mga magsasaka (FO) ay maari ding magbenta ng palay sa NFA.

**T : ANO ANG MGA KINAKAILANGAN UPANG MAKAPAGBENTA NG PALAY SA NFA?**

S : Ang isang indibiduwal na magsasaka ay kinakailangang nakalista sa Registry System for Basic Sectors in Agriculture (RSBSA) galing sa Department of Agriculture (DA).

Sa pagkakataong wala ang RSBSA, ang listahan ng NFA ng mga Indibidwal na magsasaka at FO ang magiging batayan.

Kung ang isang magsasaka ay hindi pa kasali sa listahan ng RSBSA o ng NFA, kinakailangang kumuha ang magsasaka ng sertipikasyon mula sa Barangay Captain, MAO, DA, o DAR gamit ang Farmers Information Sheet (FIS).

Para sa kooperatiba o asosasyon (FO) - maliban sa mga nabanggit na rekisito para sa indibiduwal, dagdag na kailangan naman ng mga FO ang Master's Passbook.

**T : GAANO KARAMI ANG MAARING IBENTANG PALAY SA NFA?**

S : Ang dami ng palay na maaaring ibenta sa NFA ay ayon sa lawak ng sinasaka ng isang magsasaka base sa 'geotagging' ng Department of Agriculture (DA).

Kung kooperatiba o asosasyon ang magbebenta ng palay, ang dami ay ayon sa bilang ng kasapi nito at lawak ng sakahan ng bawa't kasapi.

**T: PAANO NAMIMILI NG PALAY ANG NFA?**

1. BUYING STATIONS – Ang NFA ay may itinalagang mga buying stations kung saan maaaring dalhin ng mga magsasaka ang kanilang mga ibebentang ani.

2. COLLECTION CENTERS – Ang NFA ay maaaring magpadala ng Procurement Team sa itinakdang lugar at petsa upang kunin at bayaran ang ipinagbibiling ani ng mga magsasaka. Ito ay sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga samahan ng mga magsasaka at mga lokal na pamahalaan.

**T : PAANO BINABAYARAN NG NFA ANG MGA BINILING PALAY ?**

S : Ang mga nabiling palay ay maaaring bayaran sa mga sumusunod na paraan :

A. Kung binili sa NFA Buying Stations (Indibiduwal at Kooperatiba) :

1. Cash - hanggang P300,000.00
2. Kumbinasyon ng cash at tseke - cash na hindi lalagpas sa P300,000 at tseke mula P300,001-P500,000.
3. Tseke - kabuuang halaga ng palay kung nais ng magsasaka o kooperatiba.

B. Kung binili sa mga collection centers:

Maaaring bayaran ng cash ang mga bibilhing palay sa mga lugar na hindi masyadong mapanganib (less risky). Nguni't kung ang isang lugar ay sinasabing mapanganib, ang biniling palay ay babayaran ng tseke.



**T. PAANO MAKAKAKUHA NG FARMER'S PASSBOOK?**
Kinakailangan lamang magsumite ng mga sumusunod :

1. Farmer's Information Sheet

2. ID picture (Maaaring taga NFA na ang kumuha ng litrato ng libre)

3. Sertipikasyon ng alinman sa mga sumusunod na may sakop ng lugar na sinasaka (Kapitan ng Barangay, Municipal Agricultural Officer ng LGU, Municipal Agrarian Reform Officer ng DAR o National Irrigation Administration.

**T . ANO ANG PROSESO KUNG KOOPERATIBA O ASOSASYON?**
Kinakailangan magsumite ng mga sumusunod upang makakuha ng Master's Passbook :

1. Certificate of Registration – maaari itong kunin mula sa Cooperative Development Authority, Securities and Exchange Commission o iba pang ahensiya na sila ay rehistrado

2. Assembly Resolution - ito ay isang resolusyon o pagpapahayag ng kagustuhan ng kooperatiba o asosasyon na sumali sa Institutionalized Palay Procurement Program ng NFA. Nakasaad din dito kung sino ang kanilang itinatalaga bilang awtorisadong kasapi na tatayo bilang kanilang Farmer's Group Coordinator.

3. Masterlist of Farmer Members – ito ay listahan ng mga kasaping magsasaka na sertipikado ng NIA, DAR-MARO o LGU-MAO. Nakasaad din kung gaano kalawak at lokasyon ng kanilang sakahan.



## EQUITABLE NET WEIGHT FACTOR (ENWF) TABLE

| PALAY : | CLEAN AND DRY (PD) |
|---|---|
| MC% | 14 |
| 0.0 | 1.000 |
| PURITY % : 90 - 100% | |
| DISCOLORED AND DAMAGED % : 0 - 7% | |
| EFFECTIVE BUYING PRICE : P19.00 + APPROVED BSI | |

| PALAY : | FRESH/WET (PW) | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| MC% | 22 | 23 | 24 | 25 | 26 | 27 | 28 | 29 |
| 0.0 | 1.040 | 1.026 | 1.013 | 1.000 | 0.986 | 0.973 | 0.960 | 0.946 |
| PURITY % : 90 - 100% | | | | | | | | |
| DISCOLORED AND DAMAGED % : 0 - 7% | | | | | | | | |
| EFFECTIVE BUYING PRICE : P16.00 + APPROVED BSI | | | | | | | | |

**Note:**
*PD - clean and dry palay (with MC% of 14% and below)*
*PW - fresh/wet palay (with MC% of 22%-29.9%)*
*MC - moisture content*

***ENWF** - Equitable Net Weight Factor*
***EBP** - Effective Buying Price/kg computed at NFA base price/kg plus additional incentives, if any*
***BSI** = Buffer Stocking Incentive/kg*

DEPARTMENT OF AGRICULTURE 1898
NATIONAL FOOD AUTHORITY 1972
BAGONG PILIPINAS

## National Food Authority

# PROGRAMA sa PAMIMILI ng PALAY

**"Tiyak ang Bigas, Panatag ang Bukas!"**




**Para sa iba pang katanungan, tumawag sa NFA Hotline 0917-113-9347**